# Doctrinal Mastery sa Bagong Tipan: Assessment 2

MANWAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

## Mga doctrinal mastery reference

Para sa mga tanong 1–3, isulat ang letra ng katumbas na reperensya sa patlang sa tabi ng bawat parirala. Mangyaring huwag gamitin ang iyong mga banal na kasulatan sa bahaging ito ng assessment.

1. ____ "Ang pananampalataya … kung ito ay walang mga gawa ay patay."
2. ____ "Bilang katiwala ng kaganapan ng panahon, upang tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo."
3. ____ "Sa Panginoon, kailangan ng babae ang lalaki at ang lalaki ay kailangan ng babae."

a. 1 Corinto 11:11

b. Efeso 1:10

c. 2 Timoteo 3:15–17

d. Santiago 2:17–18

e. Apocalipsis 20:12

## Mahahalagang parirala ng banal na kasulatan

Para sa mga tanong 4–6, punan ang mga nawawalang salita sa mahahalagang parirala ng doctrinal mastery. Mangyaring huwag gamitin ang iyong mga banal na kasulatan sa bahaging ito ng assessment.

4. "Ang inyong __________ ay __________ ng __________ __________." (1 Corinto 6:19–20).
5. Ang Simbahan ay "itinayo sa __________ inilagay ng mga __________ at ng mga propeta, na si __________ __________ ang batong panulok" (Efeso 2:19–20).
6. "Ang araw ng Panginoon … [ay] hindi __________, malibang __________ maganap ang __________" (2 Tesalonica 2:1–3).

Maaari mong gamitin ang iyong mga banal na kasulatan para sa natitirang bahagi ng assessment.

Para sa mga tanong 7–9, tumukoy ng isa o mahigit pang doctrinal mastery passage na makatutulong sa isang tao sa mga sumusunod na sitwasyon.

| | |
|---|---|
| 7. Pumanaw kamakailan ang isang mahal sa buhay ng iyong kaibigan. Maraming tanong ang kaibigan mo tungkol sa kung ano ang mangyayari sa atin pagkatapos ng kamatayan. | |
| 8. Ang kapatid mo ay tila nahihirapan at nagdududa kung talagang kilala siya ng Diyos. | |
| 9. Hiniling sa iyo ng isang lider ng Simbahan na magbigay ng payo sa iyong mga kaklase sa susunod na lesson sa Sunday School kung paano sila mananatiling tapat kapag nahaharap sa mga maling ideya at tukso. | |

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 ng Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *New Testament Doctrinal Mastery: Assessment 2.*
Tagalog. PD60012661 893. Inilimbag sa Pilipinas.

Sa mga tanong 10–11, ipakita ang iyong kaalaman at kakayahan na gamitin ang mga alituntunin ng pagtatamo ng espirituwal na kaalaman.

10. Paano mo ipaliliwanag ang sumusunod na tatlong alituntunin ng pagtatamo ng espirituwal na kaalaman sa isang taong hindi pamilyar sa mga ito?
    a. Kumilos nang may pananampalataya

    b. Suriin ang mga konsepto at tanong nang may walang-hanggang pananaw

    c. Hangaring mas makaunawa sa pamamagitan ng sources na itinalaga ng Diyos

11. May kaibigan ka na malapit nang magtapos sa high school at kinakabahan siya sa mahahalagang desisyong gagawin niya sa kanyang buhay sa susunod na ilang taon. Sagutin ang mga sumusunod na tanong:
    a. Anong mga partikular na bagay ang ipagagawa mo sa kanya upang kumilos siya nang may pananampalataya?

    b. Paano mo siya matutulungan na makita ang kanyang sitwasyon nang may walang-hanggang pananaw?

    c. Ang mga doctrinal mastery passage ay mga halimbawa ng sources na itinalaga ng Diyos. Anong (mga) doctrinal mastery passage ang maaari mong ibahagi sa iyong kaibigan? Bakit?

12. Sa 13 doctrinal mastery passage na napag-aralan mo ngayong semester, alin sa mga ito ang lubos na nakaimpluwensya sa iyo, at bakit? Ano ang itinuturo sa iyo ng scripture passage na ito tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 ng Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *New Testament Doctrinal Mastery: Assessment 2.*
Tagalog. PD60012661 893. Inilimbag sa Pilipinas.